

Mga Hakbang sa Pagre-recycle ng Organikong Basura



1) Ilagay ang mga palamuti sa bakuran tulad ng mga dahon, mga damo, hindi ginagamot na kahoy sa berdeng basurahan. Huwag sobrang punuin at siguraduhin na ang takip ay laging nakasara.

2) Ilagay ang balde ng kusina sa maluwag na lugar: sa ibabaw ng counter, sa ilalim ng lababo, sa freezer o sa repridyeretor upang magkolekta ng tirang mga pagkain at mga produktong papel na narumihan ng pagkain.

3) Ilagay ang mga laman ng balde ng kusina sa iyong berdeng basurahan sa labas kasama ang mga palamuti sa bakuran kahit na isang beses lingu-linggo. Ang balde ng kusina ay dapat ibalik sa kusina, patuyuin, at gagamitin muli.

4) Bawat linggo ilagay ang iyong berdeng basurahan sa iyong lugar ng normal na pagkolekta sa bandang alas 6 a.m. sa parehong araw ng iyong regular na naka-iskedyul, lingguhang pagkolekta ng basura.

MANGYARING TANDAAN: Ang berdeng mga basurahan lamang na ibinigay ng Lungsod ang dapat gamitin para sa pagkolekta ng nare-recycle na organikong basura.

OO, ILAGAY ANG MGA ITO SA LOOB

- ✓ Mga Prutas at Mga Gulay
- ✓ Tinapay, Mga Pastelerya, Tortilyas, Kanin at Mga Sitaw
- ✓ Mga Itlog at Mga Produktong Gatas
- ✓ Tira-tirang Pagkain
- ✓ Mga Giniling na Kape at Mga Filter na Papel
- ✓ Mga Tuwalyang Papel at Mga Napkin
- ✓ Mga Bag na Papel na Narumihan ng Pagkain
- ✓ Mga Dahon, Damo, Mga Palamuti sa Bakuran at Hindi Ginagamot na Kahoy



HINDI, IWANAN ANG MGA ITO

- ✗ Salamin at Mga Metal
- ✗ Plastik na Mga Bag at Plastik na Mga Sisidlan
- ✗ Anumang "Naaabono" o "Nabubulok" na Plastik na Mga Produkto, Mga Pinggan, Mga Sisidlan at Mga Kagamitan
- ✗ Mga Taba, Mga Langis at Mga Grasa
- ✗ Putik at Mga Bato



Nakakatulong na Mga Tip PANATILIHIN ANG INYONG BASURAHAN NA TUYO HANGGA'T MAAARI

- Linyahan ang pinakailalim ng berdeng basurahan ng mga napkin, dyaryo o mga pinutol na halaman upang sipsipin ang sobrang halumigmig.
- Padaluyin ang sobrang mga likido mula sa tirang mga pagkain bago ilagay ang mga ito sa berdeng basurahan.
- Balutin ang mga natitirang pagkain sa dyaryo, papel na lalagyan, o papel na nailagyan ng pagkain.

PABABAIN ANG POTENSYAL NA MGA AMOY

- I-antala ang pagdagdag ng mga produktong gatas sa berdeng basurahan hanggang sa araw ng pagkolekta, ilagay sa freezer o sa repridyeretor hanggang sa araw ng pagkolekta.
- Regular na hugasan ang berdeng basurahan gamit ang sabon at tubig.
- Wisikan ng baking soda ang basurahan.

Higit pang nakakatulong na mga tip ang matatagpuan sa sandiego.gov/cleanbintips.

Piliin ang Tamang Basurahan para sa Mga Kinakailangan ng Iyong Sambahayan

Mangyaring hayaan ang isang araw ng trabaho matapos naihatid ang iyong bagong berdeng basurahan bago maghiling ng pampalit para sa magkaibang laki ng basurahan o isang karagdagang basurahan.

Ang lahat ng mga hiling na basurahan ay maaaring gagawin sa app na Get It Done sa sandiego.gov/get-it-done o sa pamamagitan ng pagtawag sa 858-694-7000.

Mga pagpipilian na laki sa pagpapalit ng berdeng basurahan na inihatid sa iyong tahanan: Para sa magkaibang laki na walang bayad, mangyaring magsumite ng hiling sa loob ng **14 na mga** araw ng naunang paghahatid. **Ang pagpapalit ay mangyayari lamang kung ang berdeng basurahan ay hindi pa nagamit at bago pa.**

Mag-scan dito gamit ang iyong smart phone para sa karagdagang impormasyon.



Nangangailangan ng Tulong o Gustong Matuto Pa Nang Higit?

Bisitahin ang: sandiego.gov/organicwasterecycling Email: trash@sandiego.gov

Tawagan ang Telepono ng Aming Customer Care Center: 858-694-7000

Ang pagsasalina-wika o pagpapakahulugan ay makukuha kung hihilingin.

Mga Pagpipilian ng Makukuhang Basurahan

